Title I, Part A ng Elementary and Secondary Education Act (ESEA)

Nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga estado at distrito ng paaralan upang matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng mga mag-aaral na nanganganib na bumagsak sa matataas na pamantayan sa pagganap ng estado sa matematika, pagbabasa, at pagsusulat. Nagbibigay ang Title I, Part A ng mga karagdagang serbisyo at aktibidad sa pagtuturo na sumusuporta sa mga mag-aaral na tinukoy na babagsak o may malaking panganib na bumagsak.

Title I, Part A Office
Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
PO Box 47200
Olympia, WA 98504-7200
360-725-6100

U.S. Department of Education
1-800-USA-LEARN (872-5327)

Nagbibigay ang OSPI ng pantay na access sa lahat ng programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, creed, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang honorably discharged na beterano o militar, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng o piniling kasarian, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa paningin, pag-iisip, o pisikal, o ang paggamit ng isang gabay na sinanay na aso o service animal ng isang taong may kapansanan. Dapat idirekta ang mga tanong at reklamo sa ipinaparatang na diskriminasyon sa Equity and Civil Rights Director sa (360) 725-6162 o P.O. Box 47200 Olympia, WA 98504-7200.

Isang Gabay ng Mga Magulang

Ano ang Title I, Part A?

Tagalog

Aling mga paaralan ang Pinaglilingkuran ng Title I, Part A?

Pinaglilingkuran ng programa ang mga mag-aaral sa elementarya at secondary (middle at high), mga paaralang nakitang nangangailangan ng karagdagang tulong sa edukasyon. Available ang mga serbisyo ng Title I, Part A para sa mga kwalipikadong mag-aaral na pumapasok sa pribadong paaralan, na humiling na lumahok sa programang Title I, Part A.

Ano ang iniaalok ng Title I, Part A sa aking anak?

Bibigyan ng programang Title I, Part A ang iyong anak ng karagdagang tulong sa pag-aaral sa matematika, pagbabasa, at language arts.

Ang karagdagang tulong sa pag-aaral ay maaaring:

- Mga materyales sa pagtuturo na susuporta sa regular na pag-aaral ng isang mag-aaral
- Mga guro at instructional aide
- Isahang pagtuturo o pagtuturo sa maliit na pangkat

Mga Magulang

Maaari mong maimpluwensiyahan ang tagumpay ng iyong anak sa pamamagitan ng pagiging isang aktibong kalahok sa paaralan ng iyong anak:

- ✓ **Makipag-ugnayan:** Manatiling may alam at mabilis na tumutugon sa lahat ng komunikasyon mula sa paaralan o sa distrito ng paaralan.
- ✓ **Maging halimbawa:** Ipakita sa iyong anak na mahalaga ang edukasyon sa pamamagitan ng pagbabasa, pagdalo sa mga parent/ teacher conference, at pagdalo sa "mga open house."
- ✓ **Magboluntaryo:** Pagboboluntaryo sa paaralan ng iyong anak at pagtulong sa mga extra-curricular na aktibidad. Lumahok at suportahan ang mga aktibidad na maaaring salihan ng magulang sa paaralan.
- ✓ **Matuto:** Kung paano tutulungan ang iyong anak sa gawain sa classroom, takdang-aralin, at mga planong pang-edukasyon sa hinaharap.
- ✓ **Makilahok:** Sumali sa mga samahan sa paaralan/ng magulang, koponan ng pagpapahusay sa paaralan, konseho ng nagpapayo sa magulang sa Title I, Part A, at iba pang mga komite ng magulang.
- ✓ **Makipagtulungan sa komunidad:** Lumalahok sa mga aktibidad ng magulang kasama ang iba pang mga pamilya, alam at ginagamit ang mga mapagkukunan ng lokal na komunidad (mga library, unibersidad, center ng komunidad, atbp.) upang mapahusay ang mga kasanayan at talento upang makuha ang mga kinakailangang serbisyo para sa iyong anak.

Paano natatanggap ng mga paaralan ang mga pondo ng Title I, Part A?

- **Una, nagbibigay ng pondo ang pederal na pamahalaan sa bawat estado batay sa data ng census.**
- **Pagkatapos, nagbibigay ng pera ang bawat State Educational Agency (SEA) sa mga distrito ng paaralan nito. Tinutukoy ng mga distrito ang mga paaralang kwalipikado para sa pagpopondo ng Title I, Part A sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan ng Title I Part A ng ESEA.**
- **Panghuli, tinutukoy ng bawat distrito kung alin sa kanilang mga paaralan ang makakatanggap ng mga serbisyo ng programang Title I, Part A batay sa porsyento ng Free and Reduce Lunch ng paaralan. Pagkatapos, ang paaralan ay:**

1. **Tutukuyin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong sa edukasyon batay sa kinakailangang pamantayan. HINDI kailangang magmula ang mga mag-aaral sa mga pamilyang mababa ang kita upang makatanggap ng mga serbisyo ng Title I, Part A.**
2. **Magtatakda ng mga layunin para sa pagpapahusay sa mga kasanayan ng mga mag-aaral na hirap sa pag-aaral sa kanilang paaralan.**
3. **Gagawa ng mga programa para sa bawat isang indibidwal na mag-aaral upang suportahan/dagdagan ang regular na pag-aaral sa classroom.**
4. **Susukatin ang narating ng mag-aaral upang matukoy ang tagumpay ng programang Title I, Part A para sa bawat mag-aaral.**

Ipinapakita ng pananaliksik na kapag nagtutulungan ang mga paaralan, pamilya, at komunidad upang suportahan ang pag-aaral, malamang na mas mahusay ang pagganap ng mga bata sa paaralan, mas matagal na manatili sa paaralan, at mas gusto ang paaralan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Title I, Part A bisitahin kami online sa:

http://www.k12.wa.us/TitleI